Tagalog

**RICIN**

Hawaii State Department of Health
www.hawaii.gov/doh
Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni
tumawag sa 2-1-1

**Ano ang ricin?**

Ang ricin ay isang nakamamatay na uri ng lason na gawa sa “mash,” mga tira-tirang produkto pagkatapos iproseso ang castor beans upang gumawa ng castor oil. Ito ay mamaaring nasa anyo ng pulbos, mabilog o di kaya’y sa uri na madaling malusaw sa tubig o asido upang mag-anyong isang uri ng likido. Nagiging mabisa ang ricin kapag ito ay nakapasok sa selula ng dugo ng biktima at itinitigil nito ang pagbuo ng mga mahahalagang protina na kanilang kailangan. Kapag wala ang mga protinang ito, mamamatay ang selula, at pagkatapos susundan ng pagtigil sa pagtakbo ng katawan at maaaring pagkamatay.

**Papaano nalalantad ang mga tao sa ricin?**

Bihirang mangyari ang aksidenteng pagkalantad sa ricin. Kakailanganing ng kusang paggawa ng ricin upang gamiting lason para sa mga tao.

- Ang paglanghap ng malahamog o malapulbos na ricin.
- Maari ring makuha ng mga tao ang ricin sa mga kontaminadong pagkain at tubig.
- Ang ricin ay maaring ininiksyon.

Hindi nakakahawa ang pagkalason sa ricin. Ito ay hindi rin naibibigay mula sa isang tao patungong iba sa pamamagitan ng limitadong pagkontak.

**Ano ang mga palatandaan ng pagkalantad sa ricin?**

Ang kalubhaan ng mga palatandan ay depende sa uri at dami ng pagkalantad sa ricin.

- Ang paglanghap ng sapat na dami ng ricin ay maaaring magdulot ng pagubo, paninikit ng dibdib, kahirapan sa paghinga, pagkahilo, at pagsakit ng mga kalamnan mula sa ilang oras ng pagkalantad nito. Sa loob ng susunod na mga oras, magkakaroon ng matinding pamamaga ang baga, mamumuo ang mga sobrang tubig, at magkakaroon ng kahirapan sa paghinga.

- Ang paglunok sa ricin ay maaari ring magdulot ng pagdudurogo sa loob ng katawan na siyang maguuwi sa pagsuka at pagtae ng maraming dugo. Pagkatapos nito, maaring tumigil ang atay, pali, at bato sa pagtakbo. Ang mga palatandaan ay maaring magsimula sa loob lamang ng ilang oras pagkatapos ito malunok o makain.

- Ang paginiksyon naman ng ricin ay unang magdudulot ng pagkapatay ng mga bahagi ng kalamnan o lymph nodes na malapit sa lugar na pinanginiksyonan. Pagkatapos, ang atay, pali at bato ay titigil sa pagtakbo, at ang indibidwal ay magkakaroon ng masidhing pagdurugo sa tiyan at mga bituka. Maaring mamatay ang isang tao dahil sa pagtigil sa pagtakbo ng ilang mga bahagi sa katawan.

Maging ito'y nalanghap, nakain o nalunok, o nainiksyon, ang kamatayan sa pagkalason sa ricin ay maaaring mangyari sa loob ng 36-40 oras mula sa pagkalantad.

**Papaano nagagamot ang pagkalason sa ricin?**

Nagagamot lamang ang pagkalason sa ricin sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaukulang suportang medical sa loob ng ospital upang mabawasan ang epekto ng pagkalason. Wala itong gamot.

**Papaano mo malalaman na ikaw ay nalantad?**

Walang malawakang pamamaraan sa pagiksamen na magpapatibay kung ang isang tao ay nalantad sa ricin. Malalaman lamang ito sa pamamagitan ng mga palatandaan, ang pagkakaroon ng ricin sa nalantad na bahagi, at kaalaman na mayroong ibang tao sa paligid na nalason rin ng ricin.

**Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nalantad sa ricin?**

Humanap ng kaukulang saklolong medikal. Sabihin sa kinauukulan kung inaakala mong ikaw'y ay nalantad sa ricin.

**Saan nakikita ang ricin at papaano ito ginagamit?**

Nakikita ang ricin sa lahat ng dako ng mundo kung saan mayroong pagproseso ng castor beans. Tinataguriang may potensyal na gamit ang recin sa medisina, lalong lalo na sa "bone marrow transplant" o pagpatay ng mga masamang selula na dulot ng kanser.

**Bakit mayroong pangamba sa paggamit ng ricin sa pagsalakay ng mga terorismo?**

Ang ricin ay isang mabilis na nakamamatay at aktibong uri ng lason. Ito ay karaniwang nakikita sa mga tira-tirang produkto ng "mash" na galling sa paggawa ng castor oil. Sapagkat ang castor beans ay karaniwang ipinoproseso sa buong mundo, ang mga sariwang panangkap upang mabuo ang lason ay madaling matagpuan ng mga nagnanasang maging terorista.

**Maaari bang madaling tablan ng ricin ang mga alagang hayop?**

Oo. Ang mga alagang hayop ay madaling tablan ng pagkalason ng ricin. Kung inaakalang nalantad ang inyong mga alagang hayop sa lasong ito, huwag mag-atubiling humanap ng saklolo mula sa beterenaryo.

**Ano ang mga palatandaan ng RICIN**

Ang kalubhaan ng mga palatandan ay depende sa uri at dami ng pagkalantad sa ricin.

Ang paglanghap ng sapat na dami ng ricin ay maaaring magdulot ng pagubo, paninikit ng dibdib, kahirapan sa paghinga, pagkahilo, at pagsakit ng mga kalamnan mula sa ilang oras ng pagkalantad nito. Sa loob ng susunod na mga oras, magkakaroon ng matinding pamamaga ang baga, mamumuo ang mga sobrang tubig, at magkakaroon ng kahirapan sa paghinga.

Ang paglunok sa ricin ay maaari ring magdulot ng pagdudurogo sa loob ng katawan na siyang maguuwi sa pagsuka at pagtae ng maraming dugo. Pagkatapos nito, maaring tumigil ang pagtakbo ng atay, pali, at kidney. Ang mga palatandaan ay maaring magsimula sa loob lamang ng ilang oras pagkatapos ito malunok o makain.

Ang paginiksyon naman ng ricin ay unang magdudulot ng pagkapatay ng mga bahagi ng kalamnan o lymph nodes na malapit sa lugar na pinag-iniksyonan. Pagkatapos, ang atay, pali at bato ay titigil sa pagtakbo, at ang biktima ay magkakaroon ng masidhing pagdurugo sa tiyan at mga bituka. Maaring mamatay ang biktima dahil sa pagtigil sa pagtakbo ng ilang mga bahagi sa katawan.

Maging ito ay nalanghap, nakain o nalunok, o nainiksyon, ang kamatayan sa pagkalason sa ricin ay maaaring mangyari sa loob ng 36-40 oras mula sa pagkalantad.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang
Aloha United Way
2-1-1
www.hawaii.gov/doh
o www.cdc.gov

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglalayong mabigyan ng pagkakataong ang lahat na walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan (kabiliang dito ang wika), gulang, seks, relihiyon, o kapansan sa kanilang mga programa at aktibidades.

Sumulat o tumawag sa Affirmative Action Officer sa P.O. Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 o magiwan ng mensahe sa (808) 586-4616 sa loob ng 180 araw ng suliranin.